# Modyul 20
# Pagsusuri ng Akda Batay sa Panlipunan o Sosyalismong Pananaw



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Kumusta kang muli kaibigan? Tulad ko, marahil ay di mo namamalayan na tayo ay nasa huling markahan na. Samakatuwid, marami ka nang natutunan sa mga nagdaang aralin.

Sa pagkakataong ito, isa pang aralin ang mababasa at mapag-aaralan mo. Kaugnay nito, nais kitang tanungin. Nakapasok ka na ba sa isang bilangguan? Tinatanong lang kita, hindi ibig sabihin na ikaw ay nabilanggo. Alam mo bang iba't ibang uri ng tao na may iba't ibang uri ng kasalanan ang nakakulong? Ang iba nama'y hindi tunay na nagkasala. Maraming napagbibintangan lamang. Ngunit sa akdang iyong babasahin, mababatid mo ang iba't ibang dahilan kung bakit nabilanggo ang mga tauhan. Maayos itong nailahad at nailarawan ng may-akda. Ang isa'y nakulong sa pagnanakaw sanhi ng pag-abandona ng kanyang ama sa kanila nang ito'y sumama sa kanyang kerida. Pagiging lider ng isang gang ang naging dahilan naman ng paglalabas-masok ng isa pang tauhan. Masaklap naman ang nangyari sa isa. Nakita ng dalawa niyang mata ang pagsama ng kanyang asawa sa matalik niyang kaibigan.

Sa ganitong mga pangyayari, may malaking papel na ginagampanan ang lipunang ating ginagalawan. Masasalamin sa lipunan kung anong uri ng tao ang nananahan dito… anong uri ng pamumuhay mayroon sila… Naididikta rin ng kanilang puso't isipan ang kanilang saloobin, paniniwala o pilosopiya sa buhay. Samakatuwid, ang lipunan ang isang napakahalagang elemento sa pagsulong ng pamumuhay ng tao. Kung bulok ang lipunan, ang mga mamamayan ay may malaking pananagutan upang ito'y bigyan ng pangunahing lunas at iahon sa kabulukan.


Ito'y ilan lamang sa mahahalagang konseptong iyong matututunan sa akdang iyong babasahin na isinulat ng isang batikang manunulat sa katauhan ni Dionisio Salazar.

Alamin mo rin kung bakit ito pinamagatang Sinag sa Karimlan.



## *Ano ang matututunan mo?*

Nasusuri ang akda batay sa mga tiyak na pamantayan ayon sa iba't ibang pananaw sa panitikan.



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Ang modyul na ito ay isang gabay tungo sa pansariling pagkatuto. Gagamitin mo ito bilang patnubay sa tulong ng mga tuntunin na nakalahad dito upang maging maayos at makabuluhan ang iyong paggamit. Kailangang unawaing mabuti at maging malinaw sa iyo ang mga gagawin.

Narito ang ilang bagay na dapat mong isaalang-alang sa paggamit ng modyul na ito.

1. Sagutin mo ang Panimulang Pagsusulit o ang bahaging Ano Ba ang Alam Mo? Gabay ito upang masukat ang lawak ng iyong kaalaman sa paksa.

2. Sa tulong ng mga susi na nasa huling pahina ng modyul, iwasto mo ang iyong mga sagot. Maging matapat ka sana sa pagwawasto.

3. Basahin at unawain mong mabuti ang nilalaman ng akda.

4. Pag-aralan at isagawa mo ang mga gawaing inihanda ko kaugnay ng araling ito. May mga panuto kang mababasa kung paano ito isasagawa.

5. Suriin mo kung naragdagan ba ang iyong kaalaman. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit o ang bahaging Gaano Ka Na Kahusay? Pagkatapos, iwasto mo ang iyong mga sagot sa tulong ng susi na nasa iyong guro. Maging tapat ka sa pagwawasto.

6. Gamitin mo nang wasto ang modyul sapagkat makatutulong ito upang mapalawak ang iyong kaalaman. Sagutin mong mabuti at huwag mong susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na notbuk o papel sa pagsagot.

7. Tandaan mo na ang modyul na ito ay iyong kaibigan. Ang isang kaibigang nagmamalasakit ay dapat mong pahalagahan dahil mahalaga ka rin dito.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Ang pagsusulit na ito ay naglalayon na masukat ang dati mo nang kaalaman tungkol sa paksang tatalakayin sa modyul na ito. Huwag kang matakot o mag-alala sa makukuha mong marka.

Handa ka na ba?

Maaari ka nang magsimula!

Basahin at unawain nang mabuti ang mga tanong.

Piliin mo ang titik ng pinakatamang sagot.

Isulat mo ang **B** kung **balbal** ang sumusunod na mga salita/pahayag, **K** kung **kolokyal**, **L** kung **lalawiganin**, **P** kung **pampanitikan** at **R** kung **rehiyunal**. Pagkatapos, bigyan mo ito ng kahulugan.

1. Indi na, hisinusumpa ko.

2. Ilan ang imong anak? Sino gid ginlaga?

3. Pumuga sina Silver Boy kagabi.

Piliin mo ang titik na tutugon sa mga sumusunod na mga sitwasyon at tanong.

4. Ba't tayo matatakot magtalo? Kung walang pagtatalo, walang pagkakaunawaan. Kung walang pagkakaunawaan, walang pagkakaisa. Ang mga taong di nagkakaisa'y pirming nag-aaway. Sa pananalitang ito ni Tony, mailalarawang siya'y:

   a. marunong sa batas
   b. may pagpapahalaga sa kapayapaan
   c. naghahangad ng pagkakaisa
   d. lahat ng nabanggit

5. Mula nang umalis siya'y di na naming nakita o nabalitaan kaya. Kinamumuhian ko siya! Sa pahayag na ito, si Tony ay nagpapakita ng:

    a. pagmamahal sa ama
    b. pagkasuklam sa ama
    c. pagkaawa sa ama
    d. pagpapahalaga sa ama

6. No ken du! Kun naytklab pa, olditaym. Sa pananalitang ito, mailalarawang si Bok ay mahilig sa:

    a. kasiyahan
    b. uminom ng alak
    c. babae
    d. magsugal

7-8. Piliin mo ang titik sa mga sumusunod na sitwasyon na nagpapakita ng pananaw sosyolohikal.

    a. Pagpapabaya ng ama sa pamilya.
    b. Pagkakalihis ng landas ng anak.
    c. Pagtatayo ng mga illegal na sugalan.
    d. Pagdami ng mga batang lansangan.
    e. Pagrarambulan ng mga kabataan.

9-10. Alin sa mga sumusunod ang dapat mong gawin para patawarin ang isang taong nakagawa sa'yo ng kasalanan?

    a. Ipagdasal ang taong nagkasala.
    b. Kausapin ito at hingan ng paliwanag.
    c. Ipakulong.
    d. Ipamarali ang kanyang pagkakamali.
    e. Ipabugbog para makaganti.

Kumusta ang nakuha mong iskor? Naging mahirap ba o madali para sa iyo ang paunang pagsusulit? Huwag kang mag-alala sa naging resulta nito o iskor na iyong nakuha. Sinusukat lamang ng pagsusulit na ito ang dati mo nang taglay na kaalaman tungkol sa paksa.

# V. Aralin 1 – Sinag sa Karimlan

## A. Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

1. Nasusuri ang pagkakapili ng salita sa akda at natutukoy ang ibig sabihin nito.

2. a. Nailalarawan ang pagkilos, pananalita, saloobin at paniniwala ng mga tauhan

   b. Natutukoy ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa akda

3. Nasusuri ang akda sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga bahaging nagpapahayag ng panlipunan o sosyalismong pananaw


4. Natutukoy ang bisa ng pagpapatawad sa buhay ng tao

5. Nakabubuo ng kaukulang dayalogo batay sa sitwasyon.

## ✍ Mga Gawain sa Pagkatuto

1. **Alamin mo…**

   • Kung napasok mo na ang loob ng isang bilangguan, maaaring ikaw ay pamilyar sa mga bagay na maaari mong matagpuan sa loob nito. Ilagay mo sa loob ng istruktura ang mga bagay na maaari mong matagpuan sa loob ng bilangguan. Piliin mo ito sa loob ng kahon sa ibaba.



| | | | |
|---|---|---|---|
| Sirena | rosaryo | palaruan | posas |
| kadena | katre | silbato | pala |
| Bibliya | kumot | batuta | walis |

• Nailagay mo ba nang maayos ang mga bagay sa loob ng istruktura? Tingnan mo kung tumama ka. Hingin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto at iwasto mo ang iyong sagot.

**2. Basahin mo…**

• Marami ka nang nabasang mga akda na kinapulutan mo ng iba't ibang aral at konsepto. Sa pagkakataong ito, mababatid mo ang sanhi at bunga ng pagkakakulong ng mga persona sa tauhan at ang bisa ng pagpapatawad sa buhay ng tao.

Nananabik ka na ba?

Sige! Simulan mo na!

**SINAG SA KARIMLAN**
**(Dula)**
**ni Dionisio S. Salazar**

(Maraming sanhi ang isinasama ng isang tao. Kung minsa'y dala ng kapaligiran o impluwensiya ng barkada. Sa ating dula, tuklasin kung bakit naligaw ng landas si Tony. Paano siya muling nakabalik sa matuwid?)

**MGA TAUHAN** :

Tony ……………….. Binatang bilanggo
Luis ……………….. Ang kanyang ama
Erman ………………..)
Doming …………….. ) Mga kapwa bilanggo
Bok ………………. )
Padre Abena …………Isang pari ng bilibid
Miss Reyes …………. Isang Nars
Isang Tanod

PANAHON: Kasalukuyan

TAGPUAN: Isang panig ng pagamutan ng Pambansang Bilangguan sa Muntinlupa.

ORAS : Umaga

PROLOGO : Pambansang Bilangguan sa Muntinlupa: Wakas at Simula …
Moog ng katarungan … Sagisag ng Demokrasya … Salaming pambudhi … Palihan ng puso't diwa… Waterloo ng kasamaan… Hamon sa pagbabagong buhay …

May mga maikling gayung dapat hubdan ng mascara at sa sinapupunan nito kailangang iwasto ay hayu't talinghagang mamamayagpag at umiiring sa batas. Sa isang dako'y may mga walang malay na dahil sa kasamaang-palad, kahinaan, o likas na mapagsapalaran ay dito humahantong; dito rin sinisikatan o nilulubugan ng Katotohanan at Katarungan…

Marami nang lubha ang mga pumasok at lumabas dito. Walang makapagsasabi kung gaano pa karami ang tatanggap ng kanyang tatak…

May sala o wala, ang bawat pumasok dito ay kabuuan ng isang marikit at makulay na kasaysayan…

PAGBUBUKAS ng tabing ay mabubungad ang isang bahay ng pagamutan ng Pambansang Bilangguan sa Muntinlupa. May anim na teheras ang makikita rito. Ang dalawang nasa magkabilang gilid ay bakante. Sa dalawang nasa gawing kanan ay magkaagapay si Tony (19 na taon) at si Bok (29); sa gawing kaliwa naman ay naroroon si Mang Erman (45) at si Doming (30). May munting durungawang nahahadlangan ng mga rehas na bakal na makikita sa gawing likod, kalagitnaan. Hubad ang natutulog na si Tony. May bakas ng dugo ang mga bendang nasa kanyang tiyan at kaliwang bisig . May black eye rin siya. Si Bok ang bilanggong labas-masok sa Bilibid, ay nakakulubong – may trangkaso siya. Si Mang Erman, na may apat na araw nang naooperahan ng almoranas, ay gising at waring nag-iisip. Naka-plaster cast naman ang isang paa ni Doming … Paminsan- minsa'y maririnig ang malakas ng paghilik ni Bok .

Doming: (Bibiling sa higaan, iiangat ang ulo, at tatanungin si Bok) tipaningmayap, lakas namang mag-ilik ni Bok.

Ernan: (Mangingiti) Pasensiya ka na Doming.

Doming: Kelan pa kaya lalabas dito 'yan, a Mang Ernan? Traga malas hang. BABAYING . Ba, sino 'yan? …. (Ingunguso si Tony.)

Ernan: Ewan, Hatinggabi kagabi nang ipasok 'yan dito. Kawawa naman. Dugu-dugun siya.

Doming: OXO seguro 'yan. O kaya Sigue-Sigue. Nagbakbakan naman seguro. (Mamasdang mabuti si Tony.) Mukhang bata pa.

Ernan: At may hitsura, ang sabihin mo.(Mapapalakas ang hilik ni Bok.)

Doming : Tipaning – parang kombo! (Matatawa si Mang Ernan.)

Bok: (Biglang mag-aalis ng kulubong; pasigaw) Saylens! Magapatulog man kayo! Yawa….

Ernan: Si Bok naman. Konting lamig, 'bigan.

Doming: Hisi lang, Tsokaran.

Bok: Tuluyan nang babangon: matapos mag-inat at maghikab ay susulyapan ang katabi) Nagapuyat ako kagab-i. Galaking sugat n'ya.(Titingnan ni Tony.) (Kikilos sa pagkakahiga at mapapahalinghing si Tony.)

Doming: Kilala mo siya, Bok?

Bok: (Sabay iling) De-hin. Kung ibig yo gigis-

Doming : Ba, ‘wag!, Makikitang kikilos si Tony.) O, ayan, gising na.

Tony: (Matapos huminga ng paimpit na waring ayaw ipahalata ang nararamdamang sakit) M-ma—gandang umaga senyo…

Ernan: Gayundin sa ‘yo. Este, ano nga’ng - ?

Tony: (Mauupo; mahahalatang nagpipigil pa rin sa sakit) Tony ho’ng pangalan ko. Tekayo! Kayo si Ginoong Ernani Alba, di ho ba?

Ernan : Ako nga.

Tony : Nababasa ko’ng inyong mga akda. Hanga ako senyo!

Ernan: Salamat, Tony.

Bok: (May pagmamalaki) ako gid, de-hin mo kilala? Di wan en only Bok – alyas Thompson Junior. Big bos ng Batsi Gang. Marai padrino. Yeba!… (Mangingiti ng makahulugan ang lahat.)

Tony: Haharapin si Doming; malumanay) Kayo?

Doming: Doming hang palayaw ko. Walang h-alyas .

Bok : (Kay Tony) OXO? … Sigue – Sigue? … Bahala na? … Pawang iling ang itutugon ni Tony.) Beri-gud Ginsama ka a ‘ming Batsi Gang, ha?

Tony: Salamat, Bok. Pero sawa na ‘ko sa mga gang, sa mga barkada. Dahil sa barkada’y – heto, magdadalawang taon na ‘ko dito sa Big House.

Ernan : Mukhang makulay ang … Pewede ba Toning kahit pahapyaw ay ibida mo sa ‘min ang iyong buhay?

Bok : (Bago makapangusap si Tony) Holdi’t,Tony boy! … Ba’t nagalaslas ang imong tiyan, ber? At… teribol yang blakay mo. Yawa.

Doming: (Mapapansin ang pangagasim ng mukha ni Tony) Makakaya mo ba, Tony?

Tony: (Tatango muna bago umayos ng upo) Pumuga sina Silver Boy kagabi. Nang hindi ako sumama'y sinuntok ako. Mabuti kanyo't nailagan ko'ng saksak dito (sabay turo sa kaliwang dibdib), kundi'y … nasirang Tony na 'ko ngayon. Pero ang di nailaga'y yung sakyod ni Pingas … Nagpatay-patayan lang ako kaya … Aruy!

Ernan: Sa narinig kong usapan ng nars at tanod kagabi ay tatlo ang napatay. Tila lima ang patawirin. Ang iba'y nahuli. (Sa sarili) A, kalayaan, sa ngalan mo'y kay rumaming humahamak sa kamatayan ! Kay Tony ) mabuti't tumanggi ka, Tony, kundi'y … 'tay kung masakit 'yan ay saka na.

Tony : Huwag kayong mag-alala, kaya ko ito … (Hihinga muna nang mahaba.) Mula nang madala ko rito, e nag-iba na'ng takbong … Naisip kong walang ibubungang mabuti ang kasamaan … Malaki'ng utang na loob ko ke Padre Abena … sa aking pagbabago … Totoo nga naman, walang utang na hindi pinagbabayaran …. Me parusa sa bawat kasalanan!

Ernan : (May paghanga) May sinasabi ka, Tony!

Bok: (Ngingiti – ngiti habang nakikinig sa pahayag ni Tony; sa himig nagmamagaling) No dais, Tony, kun sila malalaki naganakaw milyun – milyun, ba. Sigi lang, 'adre. Basta mi lagay. Basta mi padrino!

Tony : Me relihiyon ka ba, Bok?

Bok: (Tatawa habang sumasagot; pauyam) Reliyun? Wala kwenta 'yan. Hm, dami, dami nagasimba, pero ginluluko sa kapwa. Dami gadasal, pero gin-nakaw, gin-ismagel, yawa.

Doming : Mabuti pay 'way na tayo maghusap tungkol sa relihiyon.

Ernan : May katwiran si Doming. Ang paksang relihiyon ay masyadong kontrobersyal. Paris ng iba't ibang ismo, kaya … di dapat pagtalunan.

Tony: Pero, Mang Erman, ba't tayo matatakot magtalo? Kung walang pagtatalo, walang pagkakaunawaan. Kung walang pagkakaunawaan, walang pagkakaisa. Ang mga taong di nagkakaisa'y pirming nag-aaway.

Ernan : Tama 'yan. Ngunit ang pagtatalo'y dapat lamang sa taong malaki ang puso; hindi sa mga maliit ang pinagkukunan. Pero … pinahahanga mo ako, Tony! Nag-aaral ka ba ng batas? Ba, may kakaibang tilamsik ang iyong diwa.

Tony: Elementarya lamang ho ang natapos ko.

Doming: Kasi nga naman hasa mo habugado ka kung magsalita.

Bok: Ber, ber, mga pare! ‘Yung istorya ni Tony!

Tony: Iimbitahin kita , Bok, isang araw, sa klase naming nila Padre Abena. Marami kang mapupulot doon. At pakikinabangan. Tiyak.

Bok: No ken du! Kun naytklab pa, olditaym!

Tony: (Matapos makitang handa na ang lahat sa pakikinig sa kanya) Buweno…Ako’y buhay sa ‘sang karaniwang pamilya sa Tundo. Empleyado si Tatay. Guwapo siya. Pero malakas uminom ng tuba. At mahilig sa karera. Napakabait ng Nanay ko. Kahit kulang ang iniintregang sahod ni Tatay e di siya nagagalit, paris ng iba. Sang araw e nadiskubre ni Nanay ang lihim ng Tatay ko; meron siyang kerida . Natural, nag-away sila … Umalis si Tatay . Iniwan kami. Awa naman ng Diyos e natapos ko rin ang elementarya. Balediktoryan ako…

Bok: (Sisingit) Balediktoryan? Siga ka. Yeba!

Tony : (Magpapatuloy matapos ngitian si Bok) Namatay ang solo kong kapatid na babae. Malubha si Nanay. Naospital siya… Naghahanapbuhay naman ako. Pero, kulang din, kasi mahal ang lahat … Nakakahiya pero … dahil sa barkada’y natuto akong mandukot , mang – agaw, magsugal. Naglabas-masok ako sa Welfareville … Inilipat ako dito pagkatapos … Santaon na lang ang natitira sa senten’ya ko… A, ang tatay ko ang may sala ng lahat! … Mabuti nama’t idinistino ako ni Direktor sa ‘ting library. Nakapagbabasa ako roon. Mahilig akong magbasa ng –

Ernan : Magaling. Ang pagbabasa’y nakapagpapayaman ng isip. Sabi nga ni Bacon ay “Nakalilikha ng tunay na lalaki ang pagbabasa…”

Tony: Mahilig din ho akong magsulat.

Doming : Teka muna, Tony! Hanong nangyari sa Tatay mo?

Tony : Mula nang umalis siya’y di na namin nakita. O nabalitaan kaya. Kinamuhian ko siya nang labis.

Ernan : Huwag naman. Hindi tama ‘yan. Ang ama ay ama kailanman.

Doming : Kung magkita kayo, hanong gagawin mo?

Tony: Ayoko na siyang makita pa!

Bok: Gaisip ko reliyuso ka. Ba't ngani…?

Tony: Di ba maliwanag? Si Tatay ang nagwasak ng aming tahanan. Siya'ng dahilan ng pagkaospital ni Nanay. Ng pagkamatay ng aking kapatid… Ng aking pagkakaganito!

Ernan: Kung sabagay ay madaling sabihing "lumimot at magpatawad." Subalit may kahirapan itong isagawa. Gayunmay'y walang hindi napag-aaralan, kung talagang ibig. Ako? Di ninyo naitatanong ay nagawa ko ring patawarin ang mga naghangad ng aking pagbagsak.

Tony: Malaki ang inyong puso, Mang Ernan! Ma-malawak ang saklaw ng inyong puso. Mang Ernan! Ma-malawak ang saklaw ng iyong tingin. Pambihira kayo.

Ernan: Salamat, iho. Ngunit alam mo bang ang pinakamabigat kong kasawian ay ang di-pagkakaroon ng anak?

Tony : Biyudo kayo?

Ernan: Hindi, buhay ang aking asawa. Mabait siya. Maunawain. Mapagmahal. Mapagkakatiwalaan. Pero ang mag-asawang walang anak (Magbubuntunghininga) … napaka … hindi ganap ang kanilang kaligayahan.

Doming: Hilang taon na kayo, Mang Herman?

Ernan: K'warenta'y singko na.

Bok: Tsiken pid! Ang akin lolo, sisenta na, gaaanak pa (Maikling tawanan.)

Tony : Ga'no na kayo katagal dito, tabi ? …

Ernan : Nakakaisang taon na ako. May isa pa. Alam n'yoy kuwestiyon de prinsipyo ang ipinasok ko rito. Binayaran ko lang yung multa. – na sabi nga ni Bok ay tsiken pid lang – ay ligtas na 'ko sa pagkakabilanggo.

Tony : E bat naman kayo namultahan?

Ernan : Kakaiba ang aking pagkamakabayan. Isang araw ay sinunog ng isang kapisanang pinangungunahan ko ang maraming aklat na imoral, mga aklat kasaysayang mali-mali ang mga ulat, mga nobela, komiks at magasin at iba pa na nakaw lang sa iba ang nilalaman… Nahabla kami. At namultahan ng hukuman. Dahil nga sa prinsipyo'y inibig ko pang pabilanggo. Malaya naman akong nakapagsusulat dito, kung sabagay.

Tony : Maaari ho bang paturo senyo ng pagsulat? Kay dami kung ibig sulatin kasi, e.

Ernan : Tulad ng isang beteranong mag-aalahas, agad kong nakikilala ang batong may mataas na uri … Ituturing kitang parang tunay na anak … Mapapamahal ka rin sa king mabait na maybahay… Meron din kaming ilang ari-arian … pag-aaralin ka namin.

Tony: Ke buti n'yo! . . . Me pangako rin si Padre Abena. Pag – aaralin din daw ako. Pero… nakakahiya na atang pumasok sa klase. Baka tawanan.

Ernan: Ang karunungan, iho, ay walang kinikilalang edad. Ang totoo'y walang katapusan itong pag-aaral ng buhay ng tao.

Tony: Ganyan din ho ang sabi ni Padre Abena, Mang Ernan.

Ernan: Ang dunong ay yaman, ikaw, hagdan, kapangyarihan. Walang marunong na nagkakaanak ng alipin.

Tony: Wala rin kuwenta ang masyadong marunong. Paris ni Rizal, binaril –

Ernan: Iba ang kanyang panahon, iho. Pasalamat tayo't dahil sa kanyang pambihirang katalinuhan ay nabago ang takbo ng ating kasaysayan … Kailangan natin ang marunong na lider, Tony. Yaong taong matalino na'y makabayan pa. Hindi gahaman sa salapi't karangalan. Hindi mapagsamantala yaong walang colonial mentality.

Bok: Kalunyal mantiliti? Anu 'yun?

Ernan : Diwang alipin, Bok. Pamamanginoon sa mga dayuhan. Walang sariling paninindigan. Wal- (Kagyat na matitigil dahil sa naririnig na takatak ng sapatos.) Bantay!… (Habang dumaraan ang may edad nang tanod ay walang imik sa magkakasama.)

Bok: (Pagkatalikod ng tanod) Pwee, dedoso pang bu-ang! Gaisip seguro magatakas tayo. Yawa. (Tawanan) Pano ngani? … Mi trangkaso … Lumpo (Titingnan si Doming) … Almoranas (Susulyapan si Mang Ernan) . . . Galaslas ang tiyan? Ingungususo si Tony. Tawanan na naman.)

Tony: Maiba 'ko, Mag Ernan. Ba't kayo naospital?

Ernan: Hindi naman.

Doming: Sang tanong, Mang Ernan. Nagagawa bang makata?

Ernan: Isinisilang sila, Doming …. Maalala ko nga pala! Di ba't ikaw Tony ang tumula nang dumalaw itong minsan ang Presidente?

Tony: Ako nga ho.

Ernan: Ang binigkas mong tula'y –

Tony: Pilipinas, ke gandang tula. Alam kong kayo'ng gumawa niyon.

Ernan: Ibig kong malaman mo na ang tulang iyo'y kasama sa lalabas kong aklat ng mga piling tula… kabilang na roon ang mga sinulat ko rito.

Doming: Hanong pamagat?

Ernan: Sinag Sa Karimlan.

Tony: Sinag sa Karimlan? Wow, gandang pamagat! Bagay na bagay sa saaa … atin dito! Kelangan ng mga nasa dilim ang sinag. Ang liwanag!

Ernan: Walang taong hindi nalalambungan ng dilim. Lubhang makapangyarihan ang karimlan! Subali… naitataboy ang dilim!

Tony: Sana'y mabasa ko 'yon!…

Ernan: Bibigyan kita ng sipi. At marami pang iba.

Bok: (Nakahahalataan ng pagkabagot kapag pangkaisipan na ang paksa) Ber, ber, Doming! Gin istorya mo naman pare…. (Titingnan at tataguan ng iba si Doming, bilang pag-ayon sa pahiwatig ni BOK)

Doming: Ako'y ahente ng seguro. Malakas ang aking komisyon. Sang haraw, buat sa hisang prubins'ya hay muwi ako dail sa bagyo. Magugulat pero matutuwa ning asawa o, sabi ko. Sa kusina hako nagdaan. Pero hanong nakita ko? Sus, hang asawa ko't matalik na kebigan hay… Uling-uli ko sila . Nagdilim hang aking tingin … Binaril ko'ng traydor nang tumalon sa bintana… Napatay ko siya. (Mapapasandal sa dingding pagkatapos).

Tony: At nabilanggo ka dahil doon? Bakit ganon?

Doming: Hewan ko nga ba. (Magbububuntunghininga)

Ernan: Nakikiramay kami sa 'yo, Doming …. Alam mo Tony, ang bilangguan ay hindi lamang para sa mga nagkakasala . Ito'y para rin sa mga sinamaang palad. Sa mga kawawa. Sa walang malakas na naa… padrino, sabi nga ni Bok.

Bok: (May pananabik) Ber, ang imong waswas ? Seksi?

Doming: Para sa haki'y siyang pinakamaganda sa 'ming bayan. Kinuha s'yang mag-hartista. Marami kong naging karibal sa kanya!

Tony: "Tapat ang puso mo't di nagunamgunam na ang paglililo'y nasa kagandahan ." Sino nga, Mang Erman, ang nagsabi niyon?

Ernan: Si Balagtas, iho, ang "Sisne ng Panginay"

Doming: Hang sama, ng loob ko'y 'yung pinakamatalik ko pang kebigan hang… (Haharapin si Tony.) Binata ka pa, Tony, hano? … Ikaw, Bok, binata rin? 'Wag kayong pakakasal sa masyadong napakaganda.

Bok: A, p'wee sa akon gano. Todas lahi sila lahat pag ako ginaliko, hm…

Ernan: Kaya nga salungat ako sa sinabi ni Keats na "A thing of beauty is a joy forever." Dahil sa kagandaha'y daming tahanan ang nawasak at patuloy na mawawasak. Daming pagkakaibigang napuputol. Daming kataksilang nangyayari! …. Kung totoong nagbibigay ng inspirasyon ang kagandahan, totoo ring lumalason ito. Pumapatay!

Bok: Asan ngayon ang imong misis Dom?

Tony: Magsasama kayo uli? Paglabas mo?

Doming: Indi na. Hisinusumpa ko!

Bok: Ilan ang imong anak? Sino gid gaalaga?

Doming: Wala. "Yung panganay namin ay namatay sa eltor.

Ernan: Tungkol sa kaibigan. Sadyang mahirap silang harapin. Lalo na ngayong namamayani ang diwa ng materyalismo. Ng pagpapalaluan. pagkukunwari. Ba, kakailanganin ang maraming Diogenes! (Dahil a hindi lubos na maunawaan ni Bok ang marami sa kanyang naririnig, mahihiga na siya't magbabalot ng kumot.)

Tony: Pa’nu hu makikilala ang tapat na kebigan?

Ernan: Maraming paraan diyan. Subalit ang pinakamabuting pagsubok ay sa mga oras ng kagipitan. Ng pangangailangan. Nang pangungulila. Walang pagkukunwari ang tapat na kaibigan. Lagi siyang handang magbigay. Magpakasakit.

Tony: Paris ni Damon at Pityas, ano ho ? … Ba’t nga kaya napakaraming mapagkunwari? Ke raming marumi na naglilinis-linisan . At meron pang kaya lang nagbibigay e dahil me inaasahang tubo o gatimpala. May –

Ernan: “ – nagmamalukong ay kubaw; may nagmamatulis ay pulpol.”

Tony: Me kunwari’y nagkakawanggawa, pero saan ba’y ibig lang maperyodiko ang kanilang retrato o pangalan.

Ernan: Kaya nga kaibigan natin ang moral regeneration o pagbabagong - buhay.

Doming: Napapansin kong alos pare-ong pare-o hang takbo ng hisip mo, Tony , ke Mang Ernan.

Tony: P’wera bola, Doming! Malayong – (Mauuntol ang sasabihin dahil sa paglitaw ni Padre Abena ) Aba si Padre Abena ! Magandang umaga po Padre.

P. Abena: Magandang umaga sa inyong lahat. (Karaniwan lamang ang taas ni Padre Abena. Isa siya sa pari ng Bilibid. Mag-aapatnapu na siya, Maamo ang kanyang mukha at malamig ang tinig. Nakasutana siya. At nakasalamin habang lumalapit ) Tony, totoo bang? … may sugat ka sa tiyan ! .. sa braso! May blak-ay ka!

Bok: (Maliksing babangon) kondi magapatay-patayan ‘yan, Padre tay-pa na .

Tony: Totoo po’ng sabi ni Bok, Padre. Ganon nga ‘ng ginawa ko kaya lang iniwan ng mga tigasin.

P. Abena: Laking pagsisi ngayon ng mga nabigong mapupusok.

Tony: Sadyang walang unang sisi, Padre, E-e-e- … pa’no po ngayon , Padre maaabsen ako sa ‘ting klase?

P. Abena: Ow, huwag mong intindihin yun, anak. Ikaw naman ang pinakamarunong sa lahat, a… Natutuwa ako’t hindi ka naganyak sumama kagabi.

Tony: Padre, hindi ko mamantsahan ang inyong pagtitiwala sa 'kin! Gayundin ang ke Direktor.

P. Abena: Salamat, anak. Huwag kang makalimot sa Diyos Ang tumatawag ay dinirinig. Ang napakupkop ay tinatangkilik.

Tony: Padre, ke buti-buti n'yo ! … Siyanga pala, si Mang Ernan'y ibig ding … Wala raw silang anak.

Ernan: (Maagap) Totoo, padre, ang sinabi ni Tony. Gayunma'y kung may usapan na kayo'y … Padre, kami ng maybahay ko'y labing limang taong umasa, nagnobena, namintakasi upang mag-kaanak, subalit …. Aywan ko ba kung bakit agad akong nagkaamor kay Tony.

P. Abena: Talagang isa sa marami ang batang iyan . Masunurin siya. Matulungin. Mapagkakatiwalaan at matalino. Balak ko sanang pagpariin siya dangat ibang kurso ang kanyang ibig. Natutuwa ako't kayo'y –

Tony: Padre, posible po bang magkaroon ng dalawang ama-amahan?

P. Abena: Bakit hindi ? Mabuti nga'ng gayon at maraming titingin sa 'yo. Pagdating naman ng araw ay… kagustuhan din ng tatay mo ang mangyayari.

Tony: (Mapapalakas ang tinig) Utang na loob, Padre Sinabi ko na seyong wala 'na akong Tatay!

P. Abena: Ikaw ang masusunod, anak. Alam kong alipin ka pa ng iyong nasugatang damdamin. May lambong ka pa ng karimlang … A, di na nga bale. Maiba ako, malalim bang naging sugat mo, Tony?

Tony: Sabi ng doctor e di naman daw napinsala ang aking bituka.

P. Abena : Mabuti kung gayon. Buweno, huwag kang masyadong maggagagalaw at nang hindi dumugo. (Sa bahaging ito'y aalingawngaw ang isang malakas na pagpapagibik buhat sa ibang panig ng ospital . Matatahimik ang lahat at makikinig sa na) "Tubig! Tubigg! Mamamatay na 'ko sa uhaw! Tubiggg!

P. Abena: Diyan nga muna kayo at titingnan ko lang kung sino ang nagpapagibik na 'yon. (Susundan ito ng alis .)

Lahat: Adyos, Padre.

Tony: ( Sa sarili) Ke bait niya. Salamat at nagkaroon ang bilibid ng paring tulad niya … Matutupad din ang pangarap kong makapag-aral … kung sakali…

Ernan: Sadyang mabait si Padre Abena. Sana'y paris niya ang lahat ng alagad ng pananampalataya … Pero, tingnan mo, Tony: sa karamihan ng kanyang gawain ay hindi mo siya makakapiling sa lahat ng oras, samantalang ako … Tuturuan kita ng pagtula. Ng pagsulat. Pananalumpati. Pag – aaralin kita hanggang ibig mo. Kailangan naming mag-asawa ang tagapagmana.

Tony: Paumanhin ho, Mang Ernan… Bukod sa makata, ano ho ba'n –

Ernan: A, ako'y peryodista. Propesor din ako sa isang unibersidad sa Maynila. Kaanib sa ilang samahang pangwika, pangbayan, pangkultura … May malaki akong aklatan – magugusthan mo …. Guro naman sa piyano ang aking maybahay. Magkakasundo kayo. Teka, ayan na'ng ating butihing angel! ((Titigil sa pagsasalita pagkatanaw sa pumapasok na nars. Magbibigay galang ang lahat. Ilalapag ng simpatika't batangbatang nars ang lalagyan ng mga gamot. Isa-isa niyang titingnan ang temperatura ng naroong apat na pasyente. Hindi iintindihin ang may paghanga't pagnanasang tinging iniuukol sa kanya – lalo na si Bok. Alam niyang sa kaharian ng mga lalaki, ang pangit mang babae ay nagiging pulot gata. Aalis siya pagkabigay ng kaukulang gamot sa mga may karamdaman)

Bok: (pagkatalikod ng nars) Wow! Talagang da-magan si Miss Reyes! Kung magaibig lang siya ngani sa akon, pero … ginsama ang akon record. Yawa.

Tony: Bok, si San Agustin , bago naging santo ay naging isang pusakal munang magnanakaw … Tandaan mo'to, Bok. Higit na marangal ang masamang bumuti kaysa mabuting Sumama.

Bok: Galalim man ang imonmg Tagalog!

Ernan: Malay natin, baka maging santo ka rin, Bok (Tawanan)

Bok: (Matatangay na rin ng biruan) Tama ka Mang Ernan. San Bok (pagdadaupin ang mga palad sa tapat ng dibdib, titingala ng bahagya at pipikit ) … santo santo gid ng mga holdaper! .. Nakakahiya, yawa. (Tawanan na naman)

Ernan: P'wera biro, napansin kong may ibig sabihin ang tinginan ni Tony at Miss Reyes. Lalaban ako ng pustahan na … (Haharapin si Tony.) Magtapat ka Tony, may pagkakaunawan na kayo ni Miss Reyes, ano? (Ngingiti lamang ng makahulugan si Tony at ang palihim na pag-sang-ayon sa pamamagitan ng pagtaas ng kilay ay mapapansin din nina Bok at Doming.)

Bok: Jackpot ka, Tony boy! Tsk, tsk, talaga man materyales pwerte si Miss Reyes. Inggit ako sa imo.

Doming: Listo ! Ayan na naman hang-tay-ban! Darating ng dati ring tanod.)

Tanod: (Sa may pintuan) Antonio Cruzada!

Tony: (Itataas ang kanang kamay) Sir!

Tanod: Miron kang bisita, adding.

Tony: Bisita? Asan Sir? Sino ho siya? Kilala ba n'yo sir?

Tanod: Iiling at susulyapan si Mang Ernan) Siguro sing, idad sa kanya.

Doming: Kuwarentay singko.

Tony: Papunta na ba rito, sir?

Tanod: Wen adding. (Aalis. Lalabas sa pintuang pinapasukan.)

Tony: (Kunut-noo) Sino kaya 'yon? … Ba, siya ang una kong dalaw sa loob ng dalawang taon.

Ernan: Baka … Tatay mo na 'yun, Tony)

Doming: Baka naman hisang kamaghanak.

Bok: (Mapapabangon na naman) G'wapo bang imong derpa? Paris mo Tony?

Tony: (Dahil sa pag-iisip ay hindi mauunaaan ang tanong ni Bok; sa sarili) Pa'no niya malalamang narito ako? …. Anim na taon!… City Jail … Welfareville … Muntinlupa … Imposible! Hindi. Hindi maaaring siya! (Halos pasalubong) Huwag Mo pong itulot, Diyos ko!

Ernan: Sino man'yon ay may kapit siya. Kung di'y di siya makatutuloy dito … Ayun! Siya na Siguro 'yung dumarating! (Papasok si Mang Luis, ang ama ni Tony. Kasama niya ang dating tanod. May kataasan si Mang Luis, nakasalamin siya ng may kulay. Mababasa sa kanyang anyo na siya'y dumanas o dumaranas ng maraming suliranin. Isang manhid na barong tagalog ang kanyang suot. Sunog ang kanyang balat, gayunmay halata rin ang kanyang kagandahang lalaki. Mag-aapatnapu pa lamang siya subalit mukha nang lilimampuin. Pagagalain niya ang kanyang sabik na paningin. Pagkunwa't ituturo naman ng tanod para sa kanya ang pinaghahanap na hindi kaagad mamumukhaan. Pagtatama ng kanilang tingin ang anaki nakatanaw ng multo si Tony. Akibat ng matinding tuwa at pananabik ay pasugod na lalapit ang ama sa anak.)

Luis: (Madamdamin) Tony, anak ko! …
(Walang imik na pagyayapos ang tila natatandaang si Tony. Magpapalipat-lipat ang kamay ng naluluha sa galak na ama sa buong katawan ng mutyang anak. Pagkaraan ng ilang saglit sa gayong ayos ay pabigla at walang kibong magwawala si Tony. Kahit nakararamdam ng kirot at tatayo siya't uurong ng ilang hakbang. Tutop niya ang sugat sa tiyan. Tiim ang kanyang mga bagang, may apoy sa mata at iaalon ang kanyang dibdib. Mapapansin ni Mang Luis ang mga sugat at "black-eye" niya.)

Luis : Anak ko, napano ka?
(Hindi rin tutugon si Tony. Patuloy ang pananalim ng kanyang sulyap, ang panginginig ng kanyang ugat sa kalamnan ng kanyang panga, ang paninikip ng kanyang dibdib. Samantala'y walang kibuan ang lahat, bagaman mataman silang nagmamasid at nakikiramdam)

Luis: Tony, magsalita ka, anak ko. Hindi ka ba natutuwang ako'y makita? … pagkaraan ng may anim na taon? (Buhat sa kinatatayuan ay hindi rin iimik o titinag si Tony. Unti-unti siyang lalapitan ng ama.)

Tony : Huwag! Huwag kayong lalapit! Huwag!

Luis: (Matigigil!) Anak, di mo ba … Ako ang Tatay mo…

Tony: (Palibak) Tatay? … Hm, ang nakilala kong ama'y anim na taon nang p-p patay !

Tony: Sayang lang ang inyong pagod!

Luis : Lalapit pa ng isang hakbang; titigil) anak, patawarin mo 'ko…

Tony: Inuulit ko: wala na akong,, ama! …. (Lilingon sa gawi ng bintana) Mula nang iwan n'yo kami dahil sa 'sang –

Tony: (Magpapatuloy na hindi alumana ang sinabi ng ama) Dahil sa kerida'y sapin-saping hirap ang aming dinanas …lalo na'ng aking Nanay … Pati pag-aaral ko'y natigil … Ano'ng gagawin ko? Me sakit si Nanay … Me sakit si Baby … Nagkasangla-sangla kami … At nang lumao'y wala nang ibig magpautang sa 'min … 'Sang araw e napilitan akong … Nang –agaw ako ng bag. Nahuli ako. Nagmakaawa ako at pinatawad naman. Subalit …. nang dumating ako sa - amin ay … (mababasag ang tinig) patay nang kapatid ko! Sa tulong –

Luis: Nahihilam na sa luha) Tony, husto na ! … U-utang na loob … A-a alam ko na'ng lahat! …

Tony: (Hndi rin papansinin ang samo ng ama) Sa tulong ng mga kapitbahay e nailibing din si Baby… Naospital si Nanay … Walang ibig kumupkop sa 'kin … Baka raw me T. B. rin ako … Ako'y naging kanto boy, nabarkada, hanggang … Natuto ako ng iba't ibang paraan ng pagnanakaw … Natikman kong matulog nang walang unan … magtago sa ilalim ng tulay …

Bok: (Mabilis na papatlang) Tsiken pid 'yan, Tony!

Tony: (Wawalaing – bahala si Bok) Subalit me wakas ang lahat … Mula sa city jail e nalipat ako sa Welfareville. Naglabas-masok ako ro'n … Nang magdisiotso ako'y heto … Magdadalawang taon na 'ko rito … (Hihinga ng mahaba at malalim . Tutop pa rin ng kaliwang kamay ang sugat. Biglang haharapin nang tuwiran ang lumuluha't mistulang korderong ama. Makapangyarihan.) Kayo na dapat kong tawaging ama ay tinatanong ko: Mangyayari kaya ang nangyari sa 'ming mag-iina kung kayo'y tumupad senyong tungkulin?…

Luis: H-hindi ko na – hindi ko na kayo iiwan … K-k kelanman !

Tony: Pangako, hm … Daling sabihin, daling sirain…

Luis Nagbalik ako upang – upang pagsilbihan kayo habambuhay …

Tony: (Patuya) Ba't di kayo bumalik senyong magandang kerida?

Luis: (Lipos pagpapakumbaba) Iniwan n'ya ako – ang taksil! – nang hindi ko nang hindi ko na masunod ang kanyang kapritso … Salamat sa kanyang ginawa at nagliwanag ang nalabuan kong isip. Ngayo'y –

Tony: Huli na ang lahat!

Luis: Ang sakit mong magsalita, anak…alam mo bang limang buwan kitang pinaghahanap? … At nang malaman kong narito ka'y nilakad kong … Nangako si Senador Bigat na mabibigyan ka ng parole.

Tony: (Dahil sa ibang iniisip ay hindi maunawaan ang huling sinabi ng ama) Ewan ko kung si Nanay e buhay pa o patay na. (Pasigaw naman) Kayo! Kayo ang sanhi ng kanyang kasawian! Aru-aruuuyyy!

Luis: Buhay ang nanay mo, anak. Nagkita na kami. Magaling na siya.

Tony: Magliliwanag ang mukha) Buhay! Salamat sa Diyos!

Luis: (Hindi mapapansin ang sariwang dugo sa kamay ni Tony) Pinatawad na n'ya ako. At nagkasundo nga kaming hanapin kita. Anak, magsama-sama tayong muli!

Tony: Mahal ko si Nanay, ngunit kayo… Ibig ko pang mamatay kesa sumama sa senyo!

Luis: Mawawala ang pagtitimpi at paghaharian ng damdaming –ama. Isang matinding sampal ang ibibigay kay Tony). Durugo ang bibig ng huli. Sa bahaging ito'y nganingani nang lundagin ni Bok si Mang Luis danga't makakambatan siya ni Mang Ernan na huwag manghimasok. Sa sandaling ito'y nakatalikod naman at nasa may labas ang tanod. Mapagwawaring ang nagawang kabiglaan, mabilis na lalapitan ang anak. Iigtad naman si Tony.) Patawarin mo 'ko, anak!

Tony: (Matapos pahirin ang likod ng palad and dumudugong bibig) Lalo lamang ninyong pinalalayo ang ating daigdig! (Mabilis na tatalikod.) (Tigib-pagsisisi at panunumbat sa sarili, walang malamang gawin o sabihin si Mang Luis. Naroong pisilin ang mga kamao; naroong muling tangkaing lapitan ang nagmamalaking anak; tanawin sina Mang Ernan na parang nagpapahabag at nagpapatulong. Wala namang imikan ang nangamamasid. Pagkuwa'y walang kibong lalabas. Titigil sa may pintuan. Titigil sa may pintuan upang linguni't pag-ukulan ng may pagmamahal sa titig si Tony.

Wala namang kamalayan ang nagugulumihanan ding si Tony sa mga ikinikilos ng kanyang ama.

Muling babalikan ni Mang Luis ang nakatungong bunso subalit hindi maisasagawa ang balak na pagyapos dito. Mapapabuntunghiningа na lamang at tiim-bagang na aalis. Magkakatitigan sina Mang Ernan, Bok at Doming.

Pagkalipas ng ilang saglit ay dahan-dahang nauupo sa gilid ng kanyang teheras Si Tony. Kagat niya nang mariin ang kanyang labi.)

Ernan: (Malumanay subalit madamdamin) Ang buhay, Tony, ay batbat ng iba't ibang uri ng pag-subok. Ang tagumpay, kaya lalong tumitingkad ay dahil sa kakambal na pagpapakasakit. Ang lalaking tumatakbo sa mga pagsubok at hamon ng tadhana ay pinagtatampuhan ng tagumpay.

Tony: Mang Ernan, kayo man ang nasa lugar ko'y –

Ernan: Nauunawan kita, iho. (Titindig at aakbayan si Tony. Miino ang dugong nagmumula sa sugat sa tiyan.) Dumudugo ang sugat mo! (Kay Bok) Pakitawag mo nga ang doctor… (Kay Tony) Mabuti'y mahiga ka. Siguro'y maaampat 'yan.

Tony: (Habang nahihiga) Walang anuman ito Mang Ernan.

Bok: (Nakaupo pa rin subalit nakabalabal na ng kumot) Hm… tsiken pid 'yan.

Doming: Sabagay, hakuman 'yang nasa lugar ni Toni'y – hewan ko nga ba …

Bok: Bilib gid ako sa imo… Gas-mati ka. Y-y-yeba! ….

Ernan: (Habang bumabalik sa kanyang teheras; sa sarili) A, kung masusunod lamang ng mga tao ang Panalangin ni San Francsico ng Asisi, sana'Y –

Tony: Biglang mapapabangon pagkarinig sa tinuran ni Mang Ernan)

Pagkaganda –ganda nga ng "Panalangin ni San Francisco" … Bathala, gawin Ninyo akong … kasangkapan … Kung saan may galit –

Ernan: (Maagap) Bayaang nakapaghasik ako ng pag-ibig. Ang isang maganda pang bahagi'y 'yung … "Nasa pagbibigay ang ating ikatatanggap … nasa pagpapatawad ang ating kapatawaran … "

Tony: (Mabilis) Mang Ernan… Madali ngang sabihing "Lumimot at magpatawad, " ano ho? Pero, ar – ruyyy … (Mapipikit at aasim ang mukha. Hahawakan ang sugat sa tiyan.)

Ernan: (Makikitang sa pag-aangat ng kamay ni Tony ay punung-puno yaon ng dugo) Tony! (Kagyat na nalalapitan ang binata at pagyayamanin.) Doming! Bok! Pakitawag n'yung doktor! O nars! Madali kayo! …

Bok: Hindi pa rin mababakla; hindi titinag) Bals –wals 'yan!

Doming: (Patikud–tikod na lalabas subalit doon pa'y sisigaw na) Nars! … Nars!… Narrsss!… (Muling darating ang nars na nakarinig sa malakas na sigaw ni Doming. Agarang lalapatan ng pampaampat ng dugo ang sugat ni Tony. Samantalang nangagamutan sila ay siya namang paglitaw sa may pintuan ng magkasamang P. Abena at Mang Luis. Walang imik silang magmamasid.)

Nars: Sariwa pa'ng sugat mo, kaya huwag ka munang magsalita nang malakas. At huwag kang magpapagalaw ha, Tony?

Tony: Paglabas ko rito'y pupunta 'ko senyong bahay, ha, Lyd? A, Miss Reyes pala!

Nars: Sabi na't puwera muna ang salita. Pag sinuway mo 'koy … Sige ka, hm…

Tony: Okey. (Pipikit dapwat muling didilat. Masusulyapan si P. Abena. Magpapalitan sila ng ngiti.)

Nars: O, hayan , tapos na. Be good, ha, Tony? Promise? Tatango ang binata; hahanda siya sa pag-alis.)

Tony: Maraming salamat, L-Ly – Miss Reyes. Hindi kita malilimot kelanman ! Alam mo na iyan … matagal na. ( Hindi pa rin nakikita ni Tony ang ama sapagkat natatakpan ito ng papalapit na pari.)

P. Abena: Magkakilala pala kayo ni Miss Reyes …. Mabait at masipag ang batang 'yan. Paris mo…

Tony: Siya nga po ang babaing handa kong …

Bok: (Makahulugan ang ngiti) tingin ko'y ayos na Silang dal'wa, Padre.

P. Abena : Hindi masama Pabor ako. Saglit na titigil; kay Tony, sa ibang tinig) Anak, ang tatay mo'y … nagkita kami. nakiusap siyang -

Tony: Malilimutan ang lahat; mapapabagong bigla't puputulin ang pagsasalita ng kausap) Padre! … Na naman? (Hindi mangungusap si P. Abena. Marahan na lang siyang mapapailing; subalit maagap namang maaalayan si Tony.

Si Mang Luis naman, naroon pa rin sa may pintuan, ay mapapabuntung-hininga't mapapakagat labi sa namamalas na katigasan ng anak. Mauuntol ang balak niyang paglapit.

Si Miss Reyes naman naman na hindi pa tuluyang nakakalayo ay magaganyak na manood sa tagpong yaong may pangako ng kapanabikan. Lalapitan si Tony at masuyong pagsasabihan.)

Nars: Tony, di ba't sabi ko sa'yo'y huwag ka munang gagalaw pagkat makasasama sa 'yo?

Tony : Patawarin mo 'ko, Ly – est, Miss Reyes.

Nars: (Tatanguan si Tony) Patatawarin kita pero sa uli-uli'y.. Sige, higa na. (Susunod na sana si Tony subalit magkakatama ang tingin nilang mag-ama. Matagal silang magkakatinginan.

P. Abena: (Makahulugan) Anak, tamo si Miss Reyes, nakapagpapatawad….
(Hindi tutugon si Tony. Mapapatango siya. Ganap na katahimikan . Walang kaurap-kurap, at halos hindi humihinga sina Mang Ernan sa pagmamasid sa nangyayaring dula sa silid na yaon. Sa pagtaas ng mukha ni Tony ay makikitang may luha sa kanyang pisngi.

Mabubuhayan ng loob si Mang Luis. Dahan-dahan siyang lalapit sa bunsong ngayo'y nakayupyop sa bisig ni Padre Abena.

Magaling sa sikolohiya, marahang iaangat ng butihing pari ang ulo ni Tony at siya'y unti-unting uurong upang mabigyan ng ganap na kalayaan ang mag-ama.

Ngayo'y may kakaiba ng sinag sa mukha ni Tony. May kakaiba ring ngiting dumurungaw sa kanyang mapuputlang labi. At sa isang kisap-mata'y mayayapos siya ng kanyang ama. Masuyo, madamdamin, mahaba ang kanilang pagyayakap.

Katulad ng dalawa, mapapaluha rin ang lahat . Maging ang may bakal na pusong si Bok ay mapapakagat-labi't mapapatungo ng marahan. Pagdaraupin naman ni Padre Abena ang mag ama, titingala ng bahagya at pangiting bubulong.)

- May nabago ba sa iyong saloobin at pananaw sa buhay matapos mong mabasa ang dula? Kaugnay ng akdang ito, iba't ibang gawain ang inihanda ko para sa iyo. Higit nitong mapalalawak at mapalalalim ang iyong kaalaman.

3. **Linangin mo…**

**a. Pagsusuring Panlinggwistika**

- Basahin at unawain mo muna ang nasa loob ng kahon. Makatutulong ito sa pagsasagawa mo ng gawain sa ilalim ng pagsusuring panglinggwistika.

Alam mo ba na maraming paraan ang iyong magagawa sa paggamit ng wikang Filipino sa pagpapahayag? Maaaring pormal at di pormal ang gamit ng mga ito.

May iba't iba ring antas ng wika. Ang antas ang nagpapakilala ng uri ng wikang ginagamit; kung minsa'y nagpapakilala rin ito sa pinanggalingang lugar ng nagpapahayag, kung minsa'y nagpapahiwatig ng kasanayan at katutubong kakayahang bunga ng pagbabasa at edukasyon, kung minsa'y dahil sa impluwensya ng mga kasamahan.

Ang antas ay maaaring **pampanitikan o literari** na bunga ng katutubong kakayahan at kasanayan sa paggamit ng malikhain at mapagkahulugang pananalita**. Kolokyal** na ginagamit sa impormal na pag-uusap. Maaaring haluan o Taglish. **Lalawiganin** at **balbal** na itinuturing na pinakamababang antas ng wika dahil ito'y mga salitang lansangan o ginagamit ng taong walang pinag-aralan. **Rehiyunal** naman ang tawag sa antas ng wika kung ang paggamit sa Filipino ay naibatay sa wikang katutubo ng rehiyon. May mga puntong ginagamit sa nagpapakilala sa rehiyong kanilang pinanggalingan.

• Ngayong nagkaroon ka ng kaalaman tungkol sa antas ng wika, magiging madali na sa iyo ang sumusunod na gawain:

Suriin mo ang pagkakapili ng sumusunod na mga salita/pahayag sa akda. Isulat mo ang **B** kung ito'y **balbal**, **K** kung **kolokyal**, **L** kung **lalawiganin**, **P** kung **pampanitikan** at **R** kung **rehiyunal** Pagkatapos, tukuyin mo ang ibig sabihin nito.

1. Kung totoong nagbibigay ng inspirasyon ang kagandahan, totoo ring lumalason ito. Pumapatay!

2. Tsikin pid. Ang aking lolo sesenta na, gaanak pa.

3. No kendu! Kung naytklab pa, olditaym

4. Dami-dami nagasimba, pero ginluko sa kapwa, gin-nakaw, gin-ismagel, yawa!

5. Hisi lang tsokaran!


Nasuri at maayos mo bang nabigyan ng kahulugan ang mga salita at pahayag? Salamat kung ganoon dahil kakailanganin mo ito sa susunod na gawain.

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

• Ilarawan mo ang pagkilos, pananalita, saloobin at paniniwala ng mga tauhan sa dulang iyong binasa. Gawin mong batayan ang tsart sa ibaba.

| Mga Tauhan | Pagkilos | Pananalita | Paniniwala | Saloobin |
|---|---|---|---|---|
| Tony | | | | |
| Ernan | | | | |
| Doming | | | | |
| Bok | | | | |

• Ngayon naman, ibigay mo ang naging sanhi at bunga ng pagkakakulong ng mga tauhan. Piliin mo ang tamang titik na tutugon sa sanhi at bunga nito. Gawin mong batayan ang dayagram sa ibaba.




a. S - Nilait at hinamak siya ng kanyang amo.

B – Pinagpapalo niya ng tubo sa ulo ang kanyang amo hanggang sa mamatay.

b. S – Tumayong Big Boss ng Batsi Gang.

B – Naging labas-masok sa bilangguan.

c. S – Iniwan ng kanyang ama ang kanilang pamilya at sumama sa kerida.

B – Natutong mandukot, mang-agaw para maitaguyod ang ina't mga kapatid.

d. S – Nahuli ang asawang nagtataksil sa piling pa ng kanyang matalik na kaibigan.

B – Binaril at napatay ang kaibigang kalaguyo ng asawa.

e. S – Pagsunog sa mga aklat na immoral, aklat kasaysayang mali-mali ang mga ulat, mga nobela, komiks at magasin na nakaw lang sa ibaba ang nilalaman ng kapisanan na kanyang pinangungunahan.

B – Nahabla at namultahan ng hukuman.

• Hindi ka ba nahirapan? Ang katatapos mong gawain ay isang paraan upang higit pang mahasa ang iyong pag-iisip sa pagsusuri at pagbibigay ng sanhi at bunga.

### c. Pagsusuring Pampanitikan

• Alam kong sanay ka nang sumuri ng akda ayon sa iba't ibang pananaw. Muli kong ipagugunita sa iyo ang tungkol sa pananaw sosyolohikal bago mo isagawa ang gawain sa ilalim nito.

| |
|---|
| Alam mo ba na kapag ang akda ay tumatalakay sa kasaysayang panlipunan, ito ay pagsusuring nagmumula sa sosyolohikal na pananaw. Dapat mong tingnan dito ang interaksyon ng tao sa tao, ng tao sa lipunan. Ang kilos o motibasyon ng isang karakter ay dapat na naaayon sa kanyang kapaligiran (environment), edukasyon mga institusyong panlipunan at iba pang puwersang sosyal. |

• Matapos mong balikan ang kaalamang ito, isulat mo ang ★, kung ang sumusunod na pangyayari ay maihahanay sa pananaw sosyolohikal at ▲ kung hindi.

1. Pangangaliwa ng asawang babae.
2. Pagkakaroon ng kerida ng ama.
3. Pag-aabandona ng ama sa kanyang pamilya.
4. Pagnanakaw para mabuhay.
5. Pagpataw ng kaparusahan sa mga nagkasala.

6. Pagtakwil sa ama dulot ng kasawiang kanyang sinapit.

7. Pang-aabuso sa kabaitan ng amo.

8. Pagsasagawa ng iba't ibang uri ng sugal sa lansangan.

9. Malayang pagsasagawa ng mga rali, protesta o demonstrasyon laban sa pamahalaan.

10. Pag-oorganisa at pamumuno sa isang gang na nanggugulo sa lipunan.

• Hayan alam kong di ka nahirapan dahil may dati ka nang kaalaman ukol sa pananaw na ito. Iwasto mo ang iyong sagot sa tulong ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ang sagot mo ay kadiwa ng nasa susi, ito ay katanggap-tanggap.

**d. Halagang Pangkatauhan**

• Tingnan ko naman ang kahusayan mo sa pagsagot sa sumusunod na mga katanungan:

• Alin ang una mong gagawin kung sa di inaasahang pagkakataon ay nasalubong mo ang iyong ama na may kasamang ibang babae. Iranggo mo ang mga sumusunod ayon sa iyong gagawin. (1-5)

___________ Sasabihin ko sa aking ina ang aking nakita.

___________ Kakausapin ko ang ama at hihingan ng paliwanag.

___________ Ipagdarasal at ipagsisiyam ko siya sa Mahal na Poong Nazareno sa Quiapo.

___________ Aalamin ko ang bahay ng babae at kakausapin.

___________ Pagpapayuhan ko ang aking ina na hiwalayan na ang aking ama.

• Sa ganitong sitwasyon ng iyong ama, paano mo siya mapapatawad? Magbigay ng 3 paraan na iyong gagawin.

• Tingnan mo kung tama ang iyong mga tugon. Hingin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto at i-tsek mo ang iyong mga sagot. Kung ang tugon mo ay katulad ng nasa susi, ito ay katanggap-tanggap.

**4. Palalimin mo…**

- Alam mo ba kung ano ang ibig sabihin ng TAC na isang thinking tool sa mataas na antas ng pag-iisip? Ito'y nangangahulugan ng Think About Consequences o isipin ang kahihinatnan.

- Itala mo ang maaaring kahinatnan ng isang tao kung…

  a. susumbatan niya ang ama sa mga kamaliang nagawa nito

  b. natutong gumamit ng ipinagbabawal na gamot bunga ng paghihiwalay ng mga magulang

  c. mawawalan ng trabaho ang kanyang ama

  d. ang kanilang pamayanan ay mababalot ng kadiliman

  e. ang kanilang pamayanan ay pinamamahayan ng mga pusakal

- Maayos mo bang napag-isipan ang maaaring kahinatnan ng isang tao sa mga ibinigay na sitwasyon sa itaas? Itsek mo ang iyong mga sagot. Kung ito'y kadiwa ng nasa susi, ito ay katanggap-tanggap.

**5. Gamitin mo…**

Ipaliwanag at iugnay mo sa iyong sarili ang sumusunod na pahayag:

a. Kung ang Diyos ay marunong magpatawad,
Tao pa kaya ang di makapagpapatawad.

b. Ang pagpapatawad ay gawain ng isang mabuting Kristiyano.

c. Ang magpatawad sa kapwa ay may laang gantimpala.

- Muli mong iwasto ang iyong mga sagot. Hingin mo ang susi sa iyong guro. Kung ito'y magkahalintulad, ito ay katanggap-tanggap.

**6. Sulatin mo…**

• Isang dula ang akdang iyong binasa dahil dito, nais kong bumuo ka ng kaukulang dayalogo tungkol sa sumusunod na sitwasyon. Malaya kang pumili ng iyong mga tauhan.

a. Nahuli mong may kasabay na ibang babae ang iyong ama

b. Nakita ng iyong dalawang mata ang ginagawang pagnanakaw ng isang tin-edyer sa kasakay mong pasahero ng dyip

c. Nakasabay mo sa escalator ng isang mall ang kaklase mong matagal mo nang hinahanap

• Sana'y nasiyahan ka sa gawaing ito. Hindi mo namamalayan na sa pagdating ng panahon, ikaw ay naging isang mahusay na manunulat. Patunayan mo ito sa pamamagitan ng pagwawasto ng iyong gawain. Kung ang tugon mo ay malapit sa nasa susi, ito ay katanggap-tanggap.

**7. L agumin mo…**

Dugtungan mo ang sumusunod na pahayag upang maipakita mo ang mahahalagang konseptong iyong natutunan.

Matapos kong mabasa at makilala ang mga tauhan sa kuwento, nabatid kong ________________________________ __________________________________________________.

Nakadama rin ako ng ________________________
______________________________________________
______________________________________________

• Kayang-kaya mo di ba? Alam kong sanay ka na sa ganitong mga gawain. Itsek mo ang iyong naging tugon. Muli, kung malapit ito sa nasa susi, ito ay katanggap-tanggap.

## *Gaano ka na kahusay?*

Ngayon, lubusan kong nababatid kung talagang naunawaan mo ang araling ito. Basahin at unawain nang mabuti ang mga tanong.

Piliin ang titik ng pinakatamang sagot.

Isulat mo ang **B** kung **balbal** ang sumusunod na mga salita/pahayag, **K** kung **kolokyal**, **L** kung **lalawiganin**, **P** kung **pampanitikan** at **R** kung **rehiyunal**. Pagkatapos, bigyan mo ito ng kahulugan.

1. Sang haraw, buat sa hisang probinsya hay muwi ako dahil sa isang bagyo. .
2. Tulad ng isang bituing nag-aalab, nakikilala ang batong may mataas na uri.
3. Teribol yang blakay mo.

Piliin mo ang tamang titik na tutugon sa sumusunod na mga sitwasyon at tanong:

4. "Salamat Bok. Pero sawa na'ko sa mga gang, sa mga barkada. Dahil sa barkada'y – heto, magdadalawang taon na'ko dito sa Big House." Sa pahayag na ito ni Tony, mababatid na:

a. nanghihinayang
b. nagsisisi
c. nagmamalaki
d. nagwawalang-bahala

5. "Huwag naman.Hindi tama 'yan. Ang ama ay ama kailanman." Sa pananalitang binitiwan ni Mang Ernan, ipinakita niya ang pagiging isang amang:

| | |
|---|---|
| a. mapagpatawad | b. maunawain |
| c. mapagmahal | d. matulungin |

6. "Ngunit alam mo bang ang pinakamabigat kong kamalian ay di-pagkakaroon ng anak." Sa sitwasyong ito, si Mang Tony ay:

| | |
|---|---|
| a. nagagalit | c. nanghihinayang |
| b. natutuwa | d. nalulungkot |

7-8. Piliin mo sa mga sumusunod ang sitwasyong nagpapakita ng ugnayang tao at lipunan. Titik lamang ang iyong isulat.

a. Pang-aabuso ng ama sa kanyang anak
b. Panggugulpi sa asawang babae ng kanilang asawa.
c. Pagtatayo ng mga illegal na sugalan sa pamayanan.
d. Pagtutulak ng ipinagbabawal na gamot ng mga kapitan ng barangay
e. Pamamalimos ng mga batang lansangan sa gitna ng kalsada.

9-10. Ano ang nagagawa ng pagpapatawad sa buhay ng tao?

a. Nakapagpapagaang ng pakiramdam
b. Nakapagdudulot ng kaligayahan sa magkabilang panig
c. Nalilinis ang budhi at nalalapit sa Panginoon
d. Nadaragdagan ang mga kaibigan at nagmamahal
e. Naiibsan ang takot at pangamba

• Tama kayang lahat ang iyong tugon? Kung ang iskor na iyong nakuha ay 7-10, ikaw ay maaari nang magtungo sa susunod na Modyul, kung 6 pababa, isagwa mo pa ang kasunod na gawain.

## VII. Paunlarin mo

Dugtungan mo ng nawawalang titik ang unahan ng bawat pangungusap upang makabuo ka ng isang salita.

_________ agpapatawad ang kailangan ng bawat tao upang madama natin at maghari ang kapayapaan sa mundo.

_________ ral ng Panginoon ating isaisip sa lahat ng bagay na ating gagawin.

_________apat sa salita at tama sa gawa, mga dapat isaalang-alang sa mabuting Pagsasamahan.

_________ sal ng mabuting tao dapat pairalin upang makahawa sa mga taong naliligaw ng landas.

_________ agas na pagmamahal ibahagi natin nang ang daigdigan maging tahimik din.

_________ lalahanin ang pagmamahal sa kapwa natin.


_________ alangin ng bawat isang Pilipino ang magkaroon ng kapayapaan at kaunlaran ng bansang Pilipinas.

- Anong salita ang iyong nabuo? Ang salitang ito ang dapat mong iukit sa iyong puso nang ang alitan, siraan at masamang hangarin ay hindi magkaroon ng puwang sa lipunang iyong ginagalawan.

Ikaapat Markahan

| Modyul Bilang 20 | Kasanayan | | | | Pamagat | Genre |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Pagsasalita | Pagbasa | Pampantikan | Pagsulat | | |
| | Nailalarawan ang pagkilos, pananalita, saloobin at paniniwala ng mga Tauhan | Nasusuri ang pagkakapili ng salita sa akda at natutukoy ang ibig sabihin nito. | Nasusuri ang ang akda sa pamamagitan Ng pagtukoy sa mga bahaging nagpapahayag Ng panlipunan o sosyalismong pananaw. | Nakabubuo ng kaukulang dayalogo batay sa sitwasyon | S I N A G N G K A R I M L A N | D U L A |
| | Natutukoy ang bisa ng pagpapatawad sa buhay ng tao | Natutukoy ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa akda | | | | |

**Modyul Bilang 20**
**Pagsusuri Batay sa Panlipunan o Sosyalismong Pananaw**
**Susi sa pagwawasto**



## *Ano na ba ang alam mo?*

1. **R - hindi na sinusumpa ko**
2. **L - Ilan ang iyong anak? Sino ang nag-aalaga?**
3. **B - Tumakas sina Silver Boy kagabi.**
4. **b**
5. **b**
6. **a**

**7-8. a-b**
**9-10. a-b**



## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

**Alamin Mo…**

**Posas, sirena, kadena, silbato, batuta**

**Linangin Mo…**
**Pagsusuring panlinggwistika**

1. **P**
2. **R - Madali lang yan. Ang aking lolo sisenta na, nanganak pa.**
3. **K - Ayoko nga! Kung naytklab pa. Kahit anong oras.**
4. **R - Ang dami-daming nagsisimba, pero manloloko ng kapwa, nagnanakaw, nag-iismagel.**
5. **B - Hinay-hinay lang kaibigan.**

**Pagsusuring Pangnilalaman**

| Mga Tauhan | Pagkilos | Pananalita | Paniniwala | Saloobin |
|---|---|---|---|---|
| Tony | Mula sa pagiging masama patungo sa mabuti . | Mapusok | Ang mundo ay puno ng kasamaan. | Ang mundo ay bat bat ng kapangitan. |
| Ernan | Likas na mabuti. | Mahinahon | Kapag may buhay may pag-asa. | Laging may-pag-asang tatanawin, |
| Doming | Mapusok | Mapusok | Ang pagtatangggol sa karangalan ay mabisang paraan. | Kung karangalan ang kinuha dapat pagbayaran. |
| Bok | Marahas | Balbal | Habang buhay ay magpakasaya. | Bahala na! |

Halagang Pangkatauhan

1. Kapag siya ay humingi ng kapatawaran.
2. Kapag iniwan na niya ang kanyang kerida.
3. Kapag may pagbabagong nakita.

Palalimin mo…

a. Maaari siyang saktan at sumbatan nito.
b. Maaari siyang makulong.
c. Maghahanapbuhay ako upang mabuhay.
d. Maaari mapabilang na rin sa kadilimang iyon.
e. Maaari siya ay maging pusukal o umiwas doon.

Gamitin mo…

a. Tayo ay nagkakasala rin na pinatawad ng Diyos kaya dapat rin tayong matutong magpatawad.
b. Ang isang mabuting Kristiyano ay marunong magpatawad sapagkat ang kanyang tinutularan ay ang Diyos.
c. Ang taong marunong magpatawad ay ginagantimpalaan ng Diyos.

Sulatin mo…

a. Anak: Sino po yang kasabay mo?
   Ama: Kaibigan ko.
   Anak: Bakit po magkahawak ang inyong kamay?
   Ama: Anak…

b. Bata: Ale, yong bag n'yo nilalaslas ng batang katabi mo.
   Ale: Magnanakaw!!!

c. Myrna : Kumusta ka na? Ang tagal nating di nagkikita, matagal na kitang hinahanap.
   Rudy : Bakit?
   Myrna : Nagkaroon kasi tayo ng reunion noong nakaraang Sabado, maraming nahanap sa iyo. Ano ba ang nangyari at hindi ka nakapunta?
   Rudy : Nagkasakit kasi ako.
   Myrna : Magkikita-kita ulit tayo sa kaarawan ni Remy. Sana makadalo ka na.
   Rudy : Hayaan mo, pipilitin kong makarating.
   Myrna : Sige, magkita na lang tayo sa kaarawan ni Remy.
   Rudy : Salamat ha!

Lagumin mo...

> Matapos kong mabasa at makilala ang mga tauhan sa kuwento, nabatid kong dapat tayong matutong magpatawad.

> Matapos kong mabasa at makilala ang mga tauhan sa kuwento, nabatid kong dapat tayong matutong magpatawad.

## *Gaano ka na kahusay?*

1. R - Isang araw, mula sa isang probinsya ay umuwi ako dahil sa isang bagyo.
2. P
3. B
4. b
5. a
6. d

7-8 . c-d
9-10. a-b